Balitang RapiDOST

STII DOST

Setyembre 2018 ISSN 2094-6597 Vol. 8 No.9




Kasama ni DOST Sec. Fortunato T. de la Peña (ikasiyam mula sa kaliwa) ang mga pinarangalang S&T Media Practitioner sa DOST Bantog Media Awards. (Larawan ni Henry C. de Leon, DOST-STII)

# Wagi sa DOST Bantog Media Awards, pinarangalan

**Ni Rosemarie C. Señora,** *DOST-STII*
**Mga larawan mula kay Henry A. de Leon,** *DOST-STII*

**Pinarangalan na ng Department of Science and Technology – Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ang mga nagwagi sa Science For The People: Bantog Media Awards sa isinagawa nitong programa noong 28 Setyembre 2018 sa Philippine International Convention Center (PICC).**

Ito ay matapos ang masusing pagkilatis ng lupon ng mga hukom na binubuo ng pinagpipitagang pangalan sa larangan ng public relations na sina National Privacy Commission Commissioner Raymund Liboro, Bong Osorio ng ABS-CBN, Reynaldo Hulog ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP), Dean Ma. Theresa Velasco ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB), Dr. Queena Lee-Chua ng Ateneo De Manila University at Erwin Oliva ng Metropolitan Bank and Trust Co.

## Mga Nilalaman

Problema sa waste water sa Coron, El Nido tinugunan gamit ang Vigormin ........ p3
DOST-XI, pinangunahan ang hydrophonics seminar para sa mga guro ........ p4
LarawaNews ........ p4

### Outstanding S&T Media Practitioner

Para sa unang kategorya na Outstanding S&T Media Practitioner sa print, radyo, telebisyon, at cyber press o online, ang nagwagi ng unang puwesto ay mag-uuwi ng P100,000 at sertipiko ng pagkilala; ang sa pangalawang puwesto naman ay P50,000 at sertipiko ng pagkilala; at ang ikatlong puwesto ng P25,000 at sertipiko ng pagkilala.

Para sa print, kinilala si Stephanie B. Tumampos ng Business Mirror para sa unang puwesto; Henrylito D. Tacio ng Marid Agribusiness Digest para sa ikalawang puwesto; at Paul M. Icamina ng Malaya Business Insight para sa ikatlong puwesto.

Para naman sa telebisyon, kinilala si Connie Sison ng GMA Network para sa unang puwesto; Bettina F. Magsaysay ng ABS-CBN para sa ikalawang puwesto; at Michael Joe T. Delizo ng ABS-CBN para sa ikatlong puwesto.

Wagi rin para sa radyo sina Custer C. Deocaris para sa unang puwesto, Josephine D. Agapito para sa ikalawang puwesto; at Anabelle D. Surara para sa ikatlong puwesto. Lahat sila ay pawang mula sa DZEC Radyo Agila.

Sa larangan nman ng cyber press o online, kinilala sa unang puwesto si Mikael Angelo S. Francisco ng GMA News Online; Ruby Shaira F. Panela ng Rappler para sa ikalawang puwesto; at sa ikatlong puwesto naman si Angelica Y. Yang na isang freelance journalist.

### Outstanding S&T Regional Media Practitioner

Para naman sa kategoryang Outstanding S&T Regional Media Practitioner, solo ni Ian O. Flora ng Sun Star Pampanga ang karangalan para mag-uwi siya ng P50,000 at sertipiko ng pagkilala.

### Outstanding Information Officers

Sa hanay naman ng DOST, kinilala si Maria Elena A. Talingdan ng DOST-National Research

sundan sa pahina 2

*Wagi sa...*
**Mula sa pahina 1**




DOST-STII Director Richard P. Burgos, Connie Sison ng GMA Network, at si DOST Sec. Fortunato T. de la Peña.



(Mula kaliwa): UPLB-College of Communication (CDC) Dean Ma. Theresa H. Velasco, Michael Joe T. Delizo ng ABS-CBN, DOST Sec. Fortunato T. de la Peña, at si DOST-STII Director Richard P. Burgos.

Council of the Philippines sa unang puwesto at nagkamit siya ng P30,000 at sertipiko ng pagkilala. Wagi rin si Hans Joshua V. Dantes ng DOST-Philippine Nuclear Research Institute sa ikalawang puwesto at tumanggap siya ng P20,000 at sertipiko ng pagkilala habang sa ikatlong puwesto naman si Sheila Marie S. Claver ng DOST-CAR na nag-uwi ng P10,000 at sertipiko ng pagkilala.

**Institutional Awards**

Kinilala rin ang ilang institusyon sa pamamahayag na masugid na nagbabalita ng tungkol sa agham at teknolohiya para sa publiko.

Ang mga ito ay ang Business Mirror para sa print, PanahonTV para sa telebisyon, at GMA Social Media Section.

Ang 2018 Science For The People: Bantog Media Awards ay iginagawad bilang pagkilala sa natatanging ambag ng mga media practitioner sa larangan ng print, radyo, telebisyon at online, para sa pagpapalaganap ng impormasyon at kaalaman ukol sa agham at teknolohiya sa buong bansa sa pamamagitan ng science reporting at coverage. Ito ay para rin mahikayat ang mga mamamahayag para lalong pagyamanin ang kultura ng agham sa buong Pilipinas.

Ang naturang media awards ay idinaraos tuwing ikalawang taon sa pangunguna ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña at DOST-STII Dir. Richard P. Burgos.




(Mula kaliwa): UPLB-CDC Dean Ma. Theresa H. Velasco, Bettina F. Magsaysay ng ABS-CBN, DOST Sec. de la Peña, at si DOST-STII Dir. Burgos.



(Mula kaliwa): UPLB-CDC Dean Ma. Theresa H. Velasco, kasama ang mga nanalo mula sa DZEC Radyo Agila na sina Josephine D. Agapito, Custer C. Deocaris, at Anabelle D. Surara. Naroon din sina DOST Sec. de la Peña at DOST-STII Director Burgos.

## Editorial Board

**RODOLFO P. DE GUZMAN**
Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**
Layout Artist

**ROSEMARIE C. SEÑORA**
Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**
Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).
Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

# Problema sa wastewater sa Coron, El Nido tinugunan gamit ang Vigormin

**By Kimberly Mae J. Agustin,** *DOST-STII*

**Ilang buwan na rin ang nakalipas nang ipasara ang Boracay para isailalim sa rehabilitasyon dahil sa lumalalang problema nito sa maruming tubig at basura. Bilang pag-aksyon sa problemang kinakaharap ng Boracay, ang munisipalidad ng Coron at El Nido sa Palawan ay gumamit ng isang eco-friendly na solution para tugunan ang tumataas na pangangailangan sa malinis at epektibong septic water treatment.**


Makikita ang pagkakaiba ng untreated septic water (ikatlong bote mula sa kaliwa) at ng Vigormin-treated water (una at ikalawang bote). (Larawan mula sa DOST-MIMAROPA)


Si Dr. Merlinda Palencia kasama ang ilang kinatawan ng mga establishimento habang ipinapakita ang nagagawa ng Vigormin. (Larawan mula sa DOST-MIMAROPA)

Noong 2017, tinatalang nagkaroon ng 88.83% na pagtaas sa bilang ng mga turista na bumisita sa Coron, at 19.02% na pagtaas naman ang sa El Nido. Dahil dito, mas nangangailangan ang lugar ng sapat na pasilidad at teknolohiya para sa waste management.

Ang Vigormin ay isang powder na gawa sa mga organo-mineral na kapag ginamit sa maruming tubig ay kayang alisin ang mabahong amoy at maruming kulay ng tubig na nagmumula sa mga septic waters or waste waters.

Ginawa ito sa loob ng anim na taon sa pangunguna ni Dr. Merlinda Palencia, isang propesor ng Chemical Engineering sa Adamson University. Naging matagumpay ang proyektong ito sa pakikipagtulungan naman ni Dr. Palencia sa Department of Science and Technology – Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD).

Unang sinubukan ang Vigormin sa Palo, Leyte na isa sa mga matinding sinalanta ng Bagyong Yolanda. Maraming pansamantalang pabahay ang nagkaroon ng problema sa septic water at dito napatunayan ang mabisang epekto ng Vigormin.

Dahil dito, sinubukan na ng DOST ang Vigormin sa mga tourist destination tulad ng Coron at El Nido kung saan maaaring mangyari ang problema sa waste water.

Kasabay ng Science and Technology Innovation (STI) Roadshow, ipinakilala ni Dr. Palencia kasama ang DOST-MIMAROPA ang Vigormin sa harap ng mga may-ari ng hotel at mga kinatawan ng mga pabrika at transportasyon sa Coron.

Nagbigay rin ng konsultasyon si Dr. Palencia sa ilang hotel kung saan aktuwal niyang ipinakita ang nagagawa ng Vigormin. Agaran namang lumabas ang inaasahang resulta ng Vigormin.

Sa kasalukuyan, hawak ng Calamianes Association of Tourism Establishment (CATE) ang distribution ng Vigormin sa Palawan.

Isinagawa ang roadshow sa kasagsagan ng pagpapasara sa mga establishment dahil sa mga paglabag sa environmental laws.

Sa ngayon, 19 tourism establishments sa Coron at 10 naman sa El Nido ang gumagamamit ng Vigormin para sa septic waste treatment.

Isa sa mga gumagamit ng Vigormin ay ang Coron Soleil Garden Resort, isang four-star hotel na matatagpuan sa paanan ng Bundok Tapyas.

Ayon kay Carla Luneta, manager ng naturang hotel, nakatanggap sila ng sari-saring reklamo mula sa mga residente dahil sa masangsang na amoy na nanggagaling sa kanilang waste water facility. Ngunit mula ng ginamit nila ang Vigormin, bumuti ang kalidad ng wastewater sa kanilang pasilidad na naging dahilan din upang maipasa na nila ang kanilang DENR accreditation.

Nakibahagi rin ang Coron Garden Hotel Resort sa pamamagitan ng paggawa ng isang eco-friendly septic tank system o tinatawag na "Eco-sep". Sa tulong ni Dr. Palencia, magiging mas epektibo ang wastewater treatment ng nasabing establisyimento.

(Impormasyon mula kay Phyllicia Anne M. Baguyo at Engr. Pacifico T. Sariego III, DOST-MIMAROPA PSTC-Palawan).

# DOST-XI pinangunahan ang hydroponics seminar para sa mga guro ng Compostella Valley

**By Carlo B. Canlas,** *DOST-STII*

**Nagdaos ng training-seminar ang Department of Science and Technology Region XI tungkol sa hydroponics na dinaluhan ng mga guro ng Technology and Livelihood Education (TLE) mula sa mga paaralan sa Nabunturan, Compostella Valley noong 13 September 2018.**

Matagumpay na naisagawa ang training-seminar kung saan 34 na guro ang lumahok upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa hydroponics. Ang hydroponics ay isang paraan ng paghahalaman kung saan sa tubig na mayaman sa mineral itinatamim ang halaman imbis na sa lupa. Hindi hamak na mas matipid sa espasyo ang ganitong paraan ng paghahalaman at mas mataas rin ang nutrisyon na nakukuha ng mga halaman dito.

Gamit ang teknolohiyang ito sa mga taniman sa mga paaralan, mahihikayat ang mga guro, estudyante, at pati ang komunidad upang magkaroon ng isang *green thumb* habang sumusubok ng makabagong paraan ng pagtatanim.

Naging posible ang training-seminar na ito sa pagtutulungan ng DOST Region XI, Provincial Science and Technology Center (PTSC) Compostella Valley at PSTC Davao Del Sur, at ng Municipal Agriculture's Office (MAGRO) ng Nabunturan, Compostella Valley. (Impormasyon mula kay Kristine Melody C. Perez, DOST-XI)



Ipinapaliwanag ni Vicente S. Dagangon ang proseso ng hydroponics. (Larawan mula sa DOST-XI).

## LarawaNEWS

**Science Race Under Manila's Forest Park.** Mga estudyante mula sa 18 high schools ng National Capital Region (NCR) – PAMAMAZON (Pasay, Makati, Manila, Quezon City) Cluster ang lumahok sa Amazing Science Race na ginanap sa Arroceros Forest Park, Ermita, Manila noong 27 Septyembre 2018. Pinulong ang mga estudyante sa walong pangkat na may tig-sasampung miyembro at kailangang sagutan ng bawat pangkat ang mga hamon sa bawat istasyon. Ang mga tema ng tanong sa bawat istasyon ay patungkol sa element, atom, space, earth, body, power, time, at mind. Halimbawa, kinailangang ayusin ng mga estudyante ang 10 elements ng periodic table na nakasulat sa cardboard ayon sa kanilang atomic number. Pinamunuan ng Department of Science and Technology – National Capital Region ang Amazing Science Race kasama ang Manila Youth Bureau sa kalagitnaan ng Regional Science and Technology Week noong 26-29 Setyembre 2018 sa Manila. (Teksto ni David Matthew C. Gopilan at larawan ni Gerardo G. Palad)



